

APPLICATION

- Kilalanin ang isa sa mga nabanggit na puntos na pinakamahirap para sa iyo. Ano ang handa kang gawin ngayong linggo upang maparangalan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong buhay?
- Sa anong aspeto ng buhay ni Jose ka pinakanakaka-ugnay? Bakit? Ano ang natutunan mo sa aralin ngayon at paano nito maaapektuhan ang buhay mo?
- Sino ang maaari mong mahikayat na mamuhay nang katulad ni Jose? Ano ang sasabihin mo sa kanya?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa halimbawang ipinakita ni Jose. Ipanalangin na matuto ka sa buhay niya.
- Ipanalangin na maparangalan mo ang Diyos, anuman ang mga pagsubok na pagdaanan mo. Ipanalangin din na mapasaiyo ang biyaya ng Diyos upang mapagtagumpayan mo ang mga pagsubok na kakaharapin mo.
- Hilingin sa Diyos na ikaw ay maging isang patotoo ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng iyong pamumuno, integridad, pananampalataya, at kahusayan.



FILIPINO

IMPACT

NOTES

WARM-UP

- Ibahagi ang pinakalubos-lubos mong pangarap noong bata ka.
- Sino ang isang taong tinitingala mo? Ano ang gusto mong gayahin sa kanya?
- Balikan ang isang pagkakataon kung saan may nangyaring masama sa iyo na hindi mo inaaasahan. Ikuwento kung ano ang nangyari at kung ano ang natutunan mo sa sitwasyong ito.

WORD

³⁹Kaya sinabi ng hari kay Jose, “Sapagkat sinabi sa iyo ng Diyos ang mga bagay na ito, wala na sigurong iba pang tao na may kaalaman at pang-unawa na kagaya mo. ⁴⁰⁻⁴¹Itinatalaga kita ngayon na tagapamahala ng aking kaharian at gobernador ng buong Egipto, at susunod sa iyo ang lahat ng tauhan ko. Ako lang bilang hari ang may higit na kapangyarihan.”

GENESIS 41:39-41

Si Jose ay naging maimpluwensiyang pinuno sa Egipto, na nagligtas sa buong bayan mula sa matinding taggutom. Naganap ang panaginip na binigay sa kanya ng Diyos na magkakaroon siya ng mataas na posisyon. Ngunit hindi naging madali ang buhay ni Jose. Masama ang loob ng mga kapatid niya dahil siya ang paborito ng kanilang ama, ibinenta siya para maging alipin, nauwi siya sa bilangguan, at nalimutan siya nang mahabang panahon. Sa araling ito, ating titignan ang apat na aral mula sa buhay ni Jose na naghanda sa kanya para sa lahat ng inilaan ng Diyos para sa kanya.

1 Pamumuno

. . . kaya't panatag ang kalooban niya kay Jose. Ginawa niya itong sarili niyang katiwala at tagapamahala ng kanyang sambahayan at ng lahat ng kanyang ari-arian. **GENESIS 39:4**

Bilang alipin, ginamit niya ang kakayahan sa pamamahala upang pagsilbihan si Potifar, kapitan ng mga guwardya sa palasyo. Tila hindi mangyayari ang panaginip na ibinigay sa Kanya ng Diyos. Sa kabila ng kalagayan niya, kinuha niya ang bawat pagkakataon upang magamit ang mga kakayahang ibinigay sa kanya ng Diyos. Dahil sa biyaya ng Diyos, nakita ng mga tao na siya ay pinagpala bilang tagapamahala ng sambahayan ni Potifar. Ano sa palagay mo ang halaga ng pagiging tagapamahala para kay Jose?

2 Integridad

⁸Pero tumanggi si Jose. Sinabi niya sa babae,⁹. . . Ipinagkatiwala niya sa akin ang lahat maliban lang sa inyo dahil asawa niya kayo. Kaya hindi ko po magagawang pagtaksilan ang amo ko at magkasala sa Diyos.”

GENESIS 39:8,9

Si Jose ay guwapo at matipuno ang pangangatawan. Dahil dito, araw-araw siyang inakit ng asawa ng kanyang amo upang sumiping sa kanya. Mahirap labanan ang tukso. Mas lalo itong mahirap labanan

kung araw-araw itong lumalapit sa iyo. Maaari namang magpadala si Jose, subalit alam niyang masisira nito ang tiwala ng kanyang amo at ito ay isang malaking kasalanan sa Diyos. Kaya't pinili niyang tumakbo papalayo. Ano ang dapat nating pagsikapan sa halip ng mga masasamang hilig ng kabataan? (2 Timoteo 2:22)

3 Pananampalataya

. . . pinatnubayan pa rin siya ng Panginoon. At dahil sa kabutihan ng Panginoon, naging panatag ang kalooban ng tagapamahala ng bilangguan kay Jose. **GENESIS 39:21**

Hindi makatarungan ang pagkakabilanggo kay Jose. Subalit isang bagay ang sigurado: Ang Diyos ang namamahala sa lahat. Ang pananampalataya niya sa Diyos ay nagbigay sa kanya ng kalakasan na tiisin ang lahat, at pinakitaan siya ng Diyos ng kabutihan. Dahil sa kanyang panaginip, alam ni Jose na may plano at layunin ang Diyos sa kanyang buhay. Gayunman, bago ito naging totoo, ang kanyang pananampalataya ang nagbigay-lakas sa kanya (Mga Salmo 105:19). Ayon sa Mga Hebreo 11:1, paano nakatutulong ang ating pananampalataya upang tayo ay maging masigasig?

4 Kahusayan

Hindi nag-aalala ang tagapamahala ng bilangguan sa mga bagay na ipinagkatiwala niya kay Jose, dahil ginagabayan ng Panginoon si Jose at pinagpapala sa lahat ng ginagawa niya. **GENESIS 39:23**

Ginamit ni Jose ang kakayahang ibinigay ng Diyos upang pamahalaan ng mahusay ang sambahayan ni Potiphar, ang bilangguan, at sa huli, ang buong Egipto. Habang nananatili ang Panginoon kay Jose, binigyan siya ng Diyos ng kakayahan na maging mahusay at magtagumpay anumang pagsubok ang harapin niya. Sa kaniyang buhay, makikita natin na sa huli, ang layunin ng Diyos ang mananaig. Sa parehong paraan, kaya rin natin maging mahusay dahil alam nating ang Diyos ang gumagalaw sa ating buhay. Habang tayo ay nagpapakahusay, Siya ay napararangalan.